

# Ang Tungkulin ng Prosecution Service ng B.C.

## Imbestigasyon

- Kapag may naiulat o natukoy na isang posibleng krimen, ang pulisya ay mag-iimbestiga at magpapasiya kung ang insidente ay nagbibigay-katwiran upang magpadala ng isang Report sa Crown Counsel (RCC) sa Prosecution Service ng B.C.
- Sa British Columbia, ang mga tagausig o prosecutor ang magpapasiya kung dapat na magsampa ng kasong kriminal. Ang Crown Counsel ay hindi nag-iimbestiga ng mga krimen. Wala rin silang kapangyarihang mangibabaw sa mga pulis tungkol sa mga indibidwal na imbestigasyon.

## Pagtatasa ng Habla (Charge Assessment)

- Ang dalawang-bahaging pagsubok ay ginagamit upang malaman kung dapat na aprubahan ang paghahabla ng mga kasong kriminal: una, dapat ay may makabuluhang posibilidad na makapaghatol batay sa mga ebidensiyang nakalap ng pulisya, at ikalawa, ang isang pag-usig o prosekusyon ay kinakailangan para sa kapakanan ng publiko.
- Tatasahin ng Crown Counsel kung ano ang mga kasong isasampa, at laban kanino. Ang Crown Counsel ay maaaring magpasiya kung hindi kailangang magsampa ng kaso, kung kailangang magsampa, o ipadala ang taong akusado sa isang alternatibong hakbang na programa sa halip na pumunta sa hukuman.
- Ginagabayang din ang mga prosecutor ng Crown Counsel Policy Manual sa paggawa ng kanilang mga desisyon sa pagtatasa ng habla.
- Pagkatapos na isagawa ang pagtatasa ng habla, ang isang bagong habla sa prosekusyon ay gagawin, na maaaring may kasangkot na isa o higit pang mga akusado, at isa o higit pang mga habla.
- Ang pormal na proseso sa hukuman ay sinisimulan sa pamamagitan ng pagsumpa sa isang Impormasyon (ang dokumento ng paghabla).

## Mga Prosekusyon at mga Pag-apela

- Ang Crown Counsel ay nagsasagawa ng mga prosekusyon at mga pag-apela sa bawat antas ng hukuman: sa Pangprobinsyang Korte ng BC (Provincial Court of B.C.), sa Korte Suprema ng BC (B.C. Supreme Court), sa Hukuman ng Apela ng BC (B.C. Court of Appeal) at sa Korte Suprema ng Canada (Supreme Court of Canada.)
- Ang Crown Counsel ay mga abogado na may tungkulin bilang mga prosecutor sa ngalan ng buong lipunan.
- Bagama't isa sa kanilang mga tungkulin ay panatilihin may kaalaman ang mga biktima tungkol sa proseso ng katarungan, ang mga prosecutor ay hindi kumakatawan sa mga biktima ng krimen.
- Ang tungkulin ng Crown Counsel ay hindi ang magkaroon ng isang paghatol sa anumang paraan, ngunit ang tiyakin na ang mga proseso sa paglilitis ay patas sa lahat, na ang mga ebidensiya ay naiharap nang lubusan at tama, at ang integridad ng proseso ng katarungan ay pinananatili.

## Pagsisintensiya

- Kapag ang akusado ay umamin na nagkasala o napatunayang nagkasala pagkatapos ng paglilitis, siya ay sisintensiyahan.
- Tungkulin ng Crown Counsel ang paggawa ng isang rekomendasyon sa sintensiya. Ang panghuling desisyon sa pagsisintensiya ay gagawin ng hukuman.
- Ang mga pagrepaso pagkatapos ng sintensiya, mga kahilingan, mga pag-apela at iba pang mga legal na proseso ay maaaring magresulta sa muling pagrepaso ng ilang mga bagay na nauugnay sa isang nadisisyunan nang file.

### Pananaw ng Criminal Justice Branch:

Magiting, Patas at Mahusay - isang Prosecution Service na may Kumpiyansa ng Publiko  
[www.ag.gov.bc.ca/prosecution-service/](http://www.ag.gov.bc.ca/prosecution-service/)





Ministry of  
Justice

# Ang Tungkulin ng Prosecution Service ng B.C.

## Ang Proseso ng Katarungang Pangkrimen

- Sa Canada, ang mga probinsiya at mga teritoryo ang may tungkulin sa pagpapatupad ng katarungan.
- Ang Crown Counsel ng Probinsiya ang nagsasagawa ng prosekusyon sa lahat ng mga pagkakasala at mga pag-apela sa British Columbia na nasa ilalim ng Criminal Code ng Canada at ng pangprobinsiyang regulasyon ng pagkakasala. Ang pampederal na serbisyo sa prosekusyon ay ang may tungkulin sa prosekusyon ng ilang mga pagkakasala sa ilalim ng pampederal na batas, kabilang ang mga kaso sa droga at sa hindi pagbayad ng buwis (income tax).
- Habang ang Criminal Justice Branch ay bahagi ng Ministry of Justice, ang tungkulin sa prosekusyon ay hindi tuwirang nakaugnay sa pamahalaan, upang maiwasan ang anumang maaaring panghihimasok o pag-impluwensiya.
- Ang Assistant Deputy Attorney General (ADAG) ang namumuno sa Prosecution Service. Ang ADAG ay ang may kapangyarihan para sa pagsasagawa at pangangasiwa ng lahat ng mga kriminal na prosekusyon.
- Ang *Crown Counsel Act* ang nagtatakda ng mga tungkulin at mga pananagutan ng Crown Counsel, ng Branch at ng Assistant Deputy Attorney General. Tinutugunan din nito ang relasyon sa pagitan ng Attorney General, Deputy Attorney General at ng Branch.

### IMBESTIGASYON

Ang pulisya ay ang nag-iimbestiga ng hinihinalang krimen. Kung nararapat o kinakailangan, ang pulisya at iba pang nag-iimbestigang ahensiya ay magsusumite sa Crown ng isang Report sa Crown Counsel (RCC) para sa pagtatasa ng habla.

### PAGTATASA NG HABLA

Matatanggap ng Crown ang RCC – at pagkatapos ay sasailalim ito sa pagtatasa ng habla:

- Mayroon bang matibay na posibilidad na mahatulang nagkasala?
- Ang kinakailangan bang prosekusyon ay sa interes ng publiko?

Ang Crown Counsel ay maaaring:

- Magsampa ng mga kaso;
- Hindi magsampa ng mga kaso;
- Magsangguni sa tao sa isang alternatibong hakbang na programa; o kaya
- Magsangguni na ibalik ang kaso sa nag-iimbestigang ahensiya para sa karagdagang impormasyon.

### PROSEKUSYON

Kapag nagsampa ng mga kaso, ang Crown Counsel ay magsasagawa ng prosekusyon laban sa mga akusado sa ngalan ng komunidad.

Ang mga paglilitis ay maaaring ganapin sa Provincial Court o sa Supreme Court ng BC.

Malalaman sa paglilitis kung ang akusado ay napatunayang:

- hindi nagkasala; o
- nagkasala.

### MGA PAG-APELA

Ang pasiya ng hukom at hurado ay ang pangwakas na pasiya o desisyon. Gayunman, ang desisyon na iyon ay maaaring i-apela. Ang pag-apela ay isang pormal na kahilingan para sa pagbabago sa desisyon sa paniniwalang may nagawang pagkakamali sa ilang mga mahahalagang aspeto ng paglilitis. Maaaring simulan ang pag-apela:

- mula sa isang paghatol at / o sintensiya;
- mula sa isang pagpapawalang-sala.

### PAGSISINTENSIYA

Kung ang akusado ay napatunayang nagkasala pagkatapos ng paglilitis, o umamin na nagkasala sa mga inihablang kaso, ang isang sintensiya ay ipapataw.